8

# Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan
Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto
(Learning Activity Sheets – LAS)
Linggo 7

**Kompetensi**

**(*Nasusuri ang dahilan, pangyayari at epekto ng Ikalawang Yugto ng Kolonyalismo (Imperyalismo*)**


Manunulat:
Florida Jade A. Estrella, SST-I

Plaridel National High School
SDO – Dinagat Islands



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-8 baitang upang **nasusuri ang dahilan, pangyayari at epekto ng Ikalawang Yugto ng Kolonyalismo (Imperyalismo).** Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang malalaman at mauunawaan ang dahilan, pangyayari at epekto ng Ikalawang Yugto ng Kolonyalismo.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

ARALIN 3: Pagkamulat: Kaugnayan ng Rebolusyong Pangkaisipan sa Rebolusyong Pranses at Amerikano


Pagkatapos ng mga gawaing ito, inaasahang matutuhan mo ang mga sumusunod:

1. Nasusuri ang mga dahilan at pangyayari sa ikalawang yugto ng kolonyalismo.
2. Naipapaliwanag ang mga epekto o bunga ng kolonyalismo.

## *Paunang Pagtataya*

**PANUTO:** A. Suriin ang mga larawan sa ibaba at tukuyin kung ano o sino ang mga nilararawan nito. Piliin sa kahon ang tamang sagot.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Napoleon Bonaparte | Arthur Wellesly | Gebhard von Blucher | Louis XVIII |







1. ________________  2. ______________________  3. ___________________

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

B. Itugma ang mga kaisipan sa Hanay A at Hanay B. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

| *Hanay A* | *Hanay B* |
| --- | --- |
| ________4. Louis XVIII | A. Serye ng mga digmaang pinangunahan ni Napoleon Bonaparte |
| ________5. Battle of Borodino | B. lugar na kinamatayan ni Napoleon |
| ________6. Arsenic poisoning | D. Ito ay isang slogan na sumimbolo sa rebolusyong Pranses. |
| ________7. Peninsula War | E. Pag-aalsa laban sa pamamahala ng mga Pranses sa Spain at Portugal |
| ________8. Napoleonic Wars | F. Hari ng Paris, France na pinagtangkaang agawan ng trono ni Napoleon |
| ________9. St. Helena | G. Lumaban ang 600,000 na mga sundalong kaanib ng mga Pranses |
| ________10. Join or Die | H. Dahilan ng pagkamatay ni Napoleon. |



## *Pag-aralan*

PANUTO: Basahin at pagnilayan ang teksto o impormasyon sa ibaba.

**ANG IKALAWANG YUGTO NG KOLONYALISMO (IMPERYALISMO): MGA DAHILAN, PANGYAYARI AT EPEKTO**

**ANG *NAPOLEONIC WARS***

Ang Napoleonic Wars ay isinunod sa pangalan ni Napoleon Bonaparte na naging pinuno ng France noong 1799 at nagtangkang ipakilala ang kaniyang ideya ng pamahalaan sa buong Europa. Ang Napoleonic Wars ay serye ng mga digmaang pinangunahan ni Napoleon Bonaparte. Ang digmaan ay nagwakas nang si Napoleon ay natalo sa Digmaan sa Waterloo noong 1815.



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

### *MGA PANGUNAHING DAHILAN NG DIGMAAN*

Ang digmaang Napoleonic ay nagsimula sa panahon ng Rebolusyong Pranses. Nagtagumpay ang mga rebolusyonaryo na mapaalis at mapahina ang kapangyarihan ng hari sa France at maitatag ang isang Republika. Dahil sa pangyayaring ito ay nagkaroon ng takot ang iba pang mga monarko sa napipintong paglaganap ng rebolusyon na posibleng magpabagsak sa kanilang mga pamumuno.

### *ANG PAGKILALA SA KAKAYAHAN NI NAPOLEON*

Sa mga ilang taon ng digmaan sa Europa ay nanatili ang lakas ng Francesa pakikihamok sa kalupaan at ang mga British naman ay sa katubigan. Nagbago lang ang sitwasyon ng naging kilala ang kakayahan bilang pinunong heneral ni Napoleon Bonaparte.

Ang tagumpay ng mga digmaang inilunsad ni Napoleon sa Europa ay naipapanalo niya sa mga labanan sa katubigan at di sa kalupaan. Noong1805 ay nasakop niya ang Hilagang Italya, Switzerland at ang Timog Germany.

Tinalo niya ang mga Austrians sa Battle of Ulm at ang pinagsanib na puwersa ng mga Austrians at Russians sa Battle of Austerlitz. Taong 1806 nang durugin ng puwersa ni Napoleon ang hukbo ng mga Prussian sa Battle of Jena at sa kabuuan ay kaniyang nasakop ang Gitnang Germany na nakilala bilang *Rhine Confederation*.

### *PENINSULA WAR (1808)*

Taong 1808 ay nagkaroon ng mga pag-aalsa laban sa pamamahala ng mga Pranses sa Espanya at Portugal. Nagpadala ng tulong na mga sundalo ang Britanya sa mga rebelde ngunit tinalo sila ng mga Pranses sa Espanya kaya minabuti ng mga British na magkonsentreyt na lang sa Portugal. Ang bahagi na ito ng Napoleonic Wars ay naging kilala bilang Peninsular War sa dahilang ang Espanya at Portugal ay nasa bahagi ng Europa na Iberian Peninsula.

### *ANG PAGLUSOB SA RUSSIA (1812)*

Napagdesisyunan ni Napoleon na lusubin ang Russia sa dahilang kapag ito'y kaniyang masakop ay madali na niyang mapapasok ang Britain. Noong 1812 ay nagpadala si Napoleon ng 600,000 mga sundalo na binubuo ng Polish, German, Italyano at mga Pranses upang lumaban sa Battle of Borodino.



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

### *ANG PAGKATALO NG FRANCE*

Napilitan si Napoleon na pabalikin ang kaniyang hukbo sa France dahil sa nakamamatay na lamig sa Russia. Karamihan sa natirang mga sundalo na kaniyang nakasama sa Battle of Borodino ay namatay naman sa kanilang paglalakbay pagbalik sa France. Sila ay namatay dahil sa gutom, sa lamig ng klima o napatay ng mga Russians.

## *PAGTATAPOS NG MGA LABANAN*

### *ANG PAGTAKAS NI NAPOLEON*

Taong 1813 nang talunin ng pinagsamang puwersa ng Britanya, Austria, Prussia at Russia ang emperador na Pranses na si Napoleon Bonaparte. Ang imperyong binuo at itinatag ni Napoleon ay biglang bumagsak at siya ay sumuko sa kaniyang nagbubunying kalaban. Si Louis XVIII, ang kapatid ni Louis XVI (ang haring pinapatay nang panahon ng Rebolusyong Pranses) ang naging hari ng France noong 1814 at si Napoleon ay ipinatapon sa isla ng Elba, malapit sa Kanlurang baybayin ng Italya.

### *PAGKAMATAY NI NAPOLEON BONAPARTE*

Nakatakas noong Pebrero 1815 si Napoleon sa Elba at nakabalik sa France. Nang ipahayag ang kanyang pagbabalik ay dali-dali siyang sinalubong ng dati niyang mga sundalo. Bumuo na muli siya ng isang hukbo at nagmartsa patungong Paris upang agawin ang trono sa haring si Louis XVIII.

Muling nagkaisa ang alyansang unang tumalo kay Bonaparte at naglunsad ng digmaan laban sa kaniya. Nangyari ang labanan sa Waterloo na matatagpuan sa Netherlands.

Dahil sa pinagsamang puwersang militar ng Britain at Prussia, madaling natalo si Bonaparte. Hunyo 22 nang sumuko si Napoleon sa mga British. Natapos na rin ang kanyang 'Isang Daang Araw'. Siya ay ipinatapon sa isla ng St. Helena. Ito ang lugar na kaniyang kinamatayan noong 1821 na batay sa mga bagong pagsusuri ay dahil sa arsenic poisoning.

### *BUNGA NG REBOLUSYON*

Lubhang mahalaga ang naging bunga ng rebolusyon sa kasaysayan ng daigdig. Sang-ayon sa mananalaysay na si John B Harrison, *'Tulad ito ng kahon ni Pandora na nang mabuksan ay nagpakawala ng mga kaisipang nakagimbal at nakaimpluwensiya sa halos lahat ng sulok ng daigdig.'* Ang simulain ng kalayaan, pagkakapantay-pantay at pagkakapatiran, bagaman iba-iba ang naging pagpapakahulugan ang naging tanglaw ng maraming mga kilusang panlipunan, politikal at pangkabuhayan.



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

# *Mga Gawaing Pampagkatuto*

***Gawain 1. Ipaliwanag Mo!***

**PANUTO:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong ukol sa mga pahayag na nabasa sa itaas. (5 puntos bawat bilang)

1. Sino si Napoleon Bonaparte?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

2. Ano ang Napoleonic Wars?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

3. Ano-anong mga bansa sa Europe ang naapektuhan ng Napoleonic Wars?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

***Gawain 2: Tukuyin Mo!***

**PANUTO:** Tukuyin kung saang pangyayari sa aralin nakapaloob ang sumusunod na pangyayari. Piliin ang letra ng tamang sagot sa kahon.

A. *Ang Pagkilala Sa Kakayahan Ni Napoleon*
B. *Peninsula War*
C. *Ang Paglusob Sa Russia*
D. *Ang Pagkatalo Ng France*
E. *Ang Pagtakas Ni Napoleon*
F. *Pagkamatay Ni Napoleon*
G. Napoleonic Wars

______1. Taong 1808 ay nagkaroon ng mga pag-aalsa laban sa pamamahala ng mga Pranses sa Espanya at Portugal.
______2. Isinunod sa pangalan ni Napoleon Bonaparte na naging pinuno ng France noong 1799.
______3. Ang imperyong binuo at itinatag ni Napoleon ay biglang bumagsak at siya ay sumuko sa kaniyang nagbubunying kalaban.


GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

______4. Noong 1812 ay nagpadala si Napoleon ng 600,000 mga sundalo upang lumaban sa Battle of Borodino.
_______5. Noong1805 ay nasakop niya ang Hilagang Italya, Switzerland at ang Timog Germany.
______6. Napilitan si Napoleon na pabalikin ang kaniyang hukbo sa France dahil sa nakamamatay na lamig sa Russia.
______7. St. Helena. Ito ang lugar na kaniyang kinamatayan noong 1821 na batay sa mga bagong pag-susuri ay dahil sa arsenic poisoning.
______8. Nakatakas noong Pebrero 1815 si Napoleon sa Elba at nakabalik sa France.
______9. Tinalo niya ang mga Austrians sa Battle of Ulm at ang pinagsanib na puwersa ng mga Aus-trians at Russians sa Battle of Austerlitz.
______10. Karamihan sa natirang mga sundalo na kaniyang nakasama sa Battle of Borodino ay namatay naman sa kanilang paglalakbay pagbalik sa France.

***Gawain 3: Turn – Back – Time (Timeline Plotting)***

**PANUTO:** Sundin ang mga sumusunod.

1. Bumuo ng timeline tungkol sa mahahalagang pangyayaring naganap sa Rebolusyong Pranses kasama ang Digmaang Napoleonic.
2. Itala ang mga esensiyal na pangyayaring magtutulak sa pag-usbong ng Rebolusyong Pranses kasama ang pagtatapos nito.
3. Maaaring maglagay ng mga personalidad upang higit na maging malinaw ang timeline.
4. Basahin ang ginawang timeline sa harap ng klase at tanungin ang kanilang sa loobin tungkol dito.
5. Gagamitin ang kasunod na *rubric* upang maging batayan ng pagmamarka sa ginawang timeline.



*Ang Rubrik para sa gawain na ito ay nakapaloob sa aklat ng Araling Panlipunan pahina 412.*

***Gawain 4: Sa Iyong Palagay.***

**PANUTO:** Sagutan at ipaliwanag ang sumusunod na tanong. (3 pangungusap lamang) Magbigay ng ideya o opinion sa sumusunod na pahayag tungkol sa bunga ng rebolusyon.

*Ang simulain ng kalayaan at pagkakapantay-pantay bagaman iba-iba ang naging pagpapaka-hulugan ang naging tanglaw ng maraming mga kilusang panlipunan, politikal at pangkabuhayan.*

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

## Paglalahat / Repleksyon

***Gawain: 3-2-1 Chart***

**Panuto:** Punan ang chart ng hinihinging impormasyon ayon sa natutunan sa teksto.

| | | |
|---|---|---|
| 3 | 3 bagay na natuklasan ko | Natuklasan ko…<br>1. ____________________<br>2. ____________________<br>3. ____________________ |
| 2 | 2 interesadong bagay na natutu-nan ko | Natutunan ko ang…<br>1. ____________________<br>2. ____________________ |
| 1 | 1 bagay na nalilito ako | Kailangang matuto pa ako…<br>1. ____________________ |

## Panapos na Pagtataya

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. *Anong lahi ang hindi kabilang sa alyansa ng mga sundalong Pranses?*
   A. Russian  B. Polish  C. German  D. Italyano

2. Anong bansa ang gustong masakop ni Napoleon kaya napagdesiyunan niyang lusubin ang Russia?
   A. Spain  B. Europe  C. Britain  D. Paris

3. Sino ang pinuno ng France na nagtangkang ipakilala ang kaniyang ideya ng pamahalaan sa buong Europe?
   A. Louis XVIII  B. Napoleon Bonaparte  C. Arthur Wellesly  D. Von Blucher

4. Alin sa mga pangyayaring ito ang hindi kabilang sa Ikalawang Yugto ng Kolonisasyon?
   A. Pag-unlad ng Nasyonalismo  C. Napoleonic Wars
   B. Peninsula War  D. Pagkatalo ng France

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

5. Lahat ng nabanggit ay sanhi ng pagkamatay ng mga sundalong kaalyado ng mga Pranses, MALIBAN SA

A. Pagkagutom
B. Lamig ng klima
C. Pagkakasakit
D. Napatay ng mga Russians

6. Sinong mananalaysay ang nagsabi nito, *'Tulad ito ng kahon ni Pandora na nang mabuksan ay nagpakawala ng mga kaisipang nakagimbal at nakaimpluwensiya sa halos lahat ng sulok ng daigdig'?*

A. John Locke
B. John B. Harrison
C. Thomas Jefferson
D. Denis Dedirot

7. Alin ang pinaangkop na kahulugan ng kolonyalismo?

A. Pananakop ng isang makapangyarihang bansa sa isang mahinang bansa
B. Uri ng monarkiya na ang kapangyarihan ng hari ay hindi nalilimitahan
C. Patakarang pang-ekonomiya na nakatuon sa pag-iipon ng ginto at tanso
D. Pamahalaang pinamumunuan ng hari, reyna, at mga kauri nito

8. Alin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari?
*I. Ang Paglusob sa Russia*
*II. Ang Pagkatalo ng France*
*III. Ang Pagkilala sa Kakayahan ni Napoleon*

A. I – II – III
B. II – I – III
C. III – I – II
D. I – III - II

9. Alin sa mga pahayag sa ibaba ang tamang pagpapaliwanag ng salitang imperyalismo?

A. Ang pagtatatag ng sistemang pang-ekonomiko na batayan ay ang ginto at pilak.
B. Ang paghihimasok,pag-impluwensiya,o pagkontrol ng isang makapangyarihang bansa sa isang mahinang bansa.
C. Ang makapagtatag ng kolonyang estado upang gawing bagsakan ng kalakal para sa kalakalan.
D. Ang pagpapalawak ng kanilang kaharian at makontrol ang mediterranean sea.

10. Sa ikalawang yugto ng imperyalismo at kolonisasyon, ginamit na dahilan ng mga Europeo ang ideya ng *white man's burden* upang bigyang katwiran ang kanilang pananakop. Ano ang *white man's burden*?

A. Paniniwalang binigyan ng Diyos ang mga puti ng karapatan na angkinin ang daigdig.
B. Paniniwalang ang mga puti ang *superior* na lahi sa mundo.
C. Paniniwalang ang mga nasakop nilang kolonya ay dapat sumunod sa mga kagustuhan ng mga Europeo.
D. Paniniwalang tungkulin ng mga puti na panaigin ang kanilang kabihasnan sa kanilang sinakop.



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

## *Susi sa Pagwawasto*

**Paunang Pagtataya**

1. Arthur Wellesly
2. Gebhard Von Blucher
3. Napoleon Bonaparte
4. F
5. G
6. H
7. E
8. A
9. B
10. D

**Gawain 1. Ipaliwanag Mo!**

Inaasahang magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral sa pagpapaliwanag.

**Gawain 2: Tukuyin Mo**

1. B
2. G
3. E
4. C
5. A
6. D
7. F
8. F
9. A
10. D

**Panapos na Pagtataya**

1. A
2. C
3. B
4. A
5. C
6. B
7. A
8. C
9. B
10. D

## *Sanggunian*

Blando, Rosemarie C., et. al, 2014. *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral.* Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE